

See discussions, stats, and author profiles for this publication at: <https://www.researchgate.net/publication/348870817>

Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino

Article · December 2020

CITATIONS

2

READS

139

1 author:



[Axle Christien Tugano](#)

University of the Philippines Los Baños

35 PUBLICATIONS 16 CITATIONS

SEE PROFILE

Rebyu ng Libro

Perdon, Renato. *First Filipino Settlement. Nasa Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines, 57-74.* Sydney, Australia: Manila Prints. 2014.

Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng *Diaspora* at Rebolusyong Pilipino¹

Axle Christien TUGANO

Asian Center, University of the Philippines-Diliman
axle.tugano@upd.edu.ph
<https://orcid.org/0000-0002-4849-4965>

ABSTRAK

Kapwa nakalatag sa heograpikal, ekonomiko, at kultural na aspekto ng Asya-Pasipiko ang bansang Australia at Pilipinas. Bagama't kaiba sa kontinenteng kinaroroonan, mababakas pa rin ang dimensiyong nag-uugnay sa dalawang estado ng Pasipiko. Kung uungkatin ang kasaysayan, napakatibay ang ugnayang namamagitan sa Australia at Pilipinas sapul pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig o ang pagpapalaya sa Pilipinas laban sa puwersa ng mga Hapones nang tumakas tungong Australia sina Pangulong Manuel Quezon at buong pamilya noong Pebrero 19, 1942. Ngunit kung tutuusin, sa ganitong kaganapan at alaala lamang nakapako ang ating kamalayan sa tuwing ginugunita natin ang relasyon ng dalawang bansa. Marami pa ang hindi nabubuksan at nabibigyan ng pansin sa kanilang pinag-isang kasaysayan at direktang ugnayan sa kadahilanang hindi ito napaglalaanan ng tuon at pagpapahalaga sa historiograpiya ng mga *Area Studies* o disiplinaryal na pag-aaral ng kasaysayan ng ibayong dagat. Katulad ng ilang mga nauna at pagtatangkang pag-aaral, aambagan ng rebyung ito ang pagpupunla, pagpapahalaga, at pagpapaunlad sa ugnayang kultural na mayroon ang Australia at Pilipinas.

Mga Susing Termino: Australia, diaspora, Pilipinas, rebolusyong Pilipino, ugnayan

¹ Rebyu sa kursong PS 201 (*The Philippines in Asia and the Pacific*) noong 2018-2019 sa Asian Center, University of the Philippines Diliman sa ilalim ng pagtuturo ni Dr. Noel Christian Moratilla. Nirebisa para sa publikasyong ito.

PAGPAPAKILALA KAY RENATO PERDON

Si Perdon ay nahumaling sa pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas sa ibayong dagat. Liban sa komparatibo o pag-uugnay ng kultura at kasaysayan ng Pilipinas at ibayong dagat, nakatuon din ang kanyang mga interes sa museolohiya, literatura, at mga paksang tungkol sa kultural na yaman. Pagkatapos niyang mag-aral ng mga digring *Political Science* at *Foreign Service* sa Pilipinas, tumungo siya sa Australia hanggang sa matapos nito ang kanyang *M.A. Asian Studies, Graduate Diploma in Archives Administration* sa University of New South Wales, at *Postgraduate Diploma in Museum Studies* sa Sydney University. Naglingkod din bilang *historical translator* at mananaliksik sa *National Historical Institute of the Philippines*.²

Marami sa kanyang mga naging akda ang direktang tumuon sa kawikaang Filipino at Pilipino. Mula sa mga diskyunaryo, pagsasalin, at iba pang gabay sa kung paano maitatampok ang wikang Filipino, naisulat niya ang mga akdang *English-Filipino Word Book* (1996),³ *Pocket Tagalog Dictionary: Tagalog* (2005),⁴ *English-Filipino Wordbook* (2007),⁵ *Learning and Speaking Filipino* (2008),⁶ *Essential Tagalog* (2014b),⁷ at *Making Out in Tagalog* (2016a).⁸

Naging tuon ng kanyang mga sulatin ang pagsasakasaysayang kultural ng Pilipinas at ilang babasahing nagpapahalaga sa pamanang kultural. Ilan sa mga ito ay ang *'The Ethnic Ensemble', Haylaya* (1980);⁹ *The Preservation of Traditional Culture for National Identity in the Philippines* (1985);¹⁰ *Brown Americans of Asia* (1998);¹¹ *Footnotes to Philippine History* (2010);¹² *Understanding Jose Rizal*

² "Renato Perdon", inakses noong Setyembre 13, 2020, <https://amzn.to/2Rl4r9F>.

³ Renato Perdon, *English-Filipino Word Book* (Sydney, Australia: Manila Prints, 1996).

⁴ Renato Perdon, *Pocket Tagalog Dictionary: Tagalog-English English-Tagalog* (Periplus Editions, 2005).

⁵ Renato Perdon, *English-Filipino Wordbook: Technical and Business* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2007).

⁶ Renato Perdon, *Learning and Speaking Filipino* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2008).

⁷ Renato Perdon, *Essential Tagalog: Speak Tagalog with Confidence* (Tuttle Publishing, 2014b).

⁸ Renato Perdon, *Making Out in Tagalog: A Tagalog Language Phrase Book* (Tuttle Publishing, 2016a).

⁹ Renato Perdon, *'The Ethnic Ensemble', Haylaya: Celebration After Spiritual Renewal* (Metro Manila: The Presidential Commission for the Rehabilitation and Development of Southern Philippines, 1980).

¹⁰ Renato Perdon, *The Preservation of Traditional Culture for National Identity in the Philippines: Problems and Issues in Cultural Heritage Conservation* (Honolulu, Hawai'i, 1985).

¹¹ Renato Perdon, *Brown Americans of Asia* (Sydney: Fast Books, 1998).

¹² Renato Perdon, *Footnotes to Philippine History* (Universal Publishers, 2010).

(2011b);¹³ *Kulturang Pilipino* (2012);¹⁴ at *The Americanization of Filipinos* (2016b).¹⁵ Sumulat din ng kasaysayan ng sariling angkan, *The Life and Times of the Perdon Family* (2011a).¹⁶ Liban sa kanyang *Connecting Two Cultures* (2014a),¹⁷ pagtalakay sa kasaysayan ng Australia ang nilalaman ng kanyang *Sydney, Aldermen* (1995).¹⁸

PAGBASA SA MGA NILALAMAN NG AKDA NI PERDON

Sa kabanatang *First Filipino Settlement*, hindi direktang ibinulalas ni Perdon na kanyang eksklusibong tatalakayin ang diaspora at rebolusyong Pilipino sa Australia. Malinaw niya lamang ipinahayag sa bahaging ito ang kasaysayan ng mga naunang pagdatal ng mga Pilipino sa Australia. Bagkus, ito ay tematikong hinanay batay sa aking pagbasa sa kanyang akda. Matatalisod mula sa kabanata ang tatlong natatanging direksiyon – (1) Diasporang Pilipino sa Kasaysayang Pandaigdig; (2) Diasporang Pilipino sa Australia; at (3) Rebolusyong Pilipino sa Australia.

1. Diasporang Pilipino sa Kasaysang Pandaigdig

Inugat ni Perdon ang unang yugto ng paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat sa paggunita nito sa panahon ng eksplorasyon at pangangalakal ng mga Europeo sa Silangan.¹⁹

Ayon sa tala, si Enrique de Malacca ang unang Pilipinong nakalabas ng Pilipinas sapagkat siya ang tinatayang kronikler at tagapagsalin ni Ferdinand Magellan sa panahon ng kanilang paglalakbay sa daigdig (Armada de Malucco Expedition) at nakabalik lamang sa Pilipinas mula Europa noong 1521 hanggang 1522.²⁰ Naging madali para sa hanay ng mga Español na maunawaan

¹³ Renato Perdon, *Understanding Jose Rizal* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2011b).

¹⁴ Renato Perdon, *Kulturang Pilipino* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2012).

¹⁵ Renato Perdon, *The Americanization of Filipinos* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2016b).

¹⁶ Renato Perdon, *The Life and Times of the Perdon Family* (Sydney, Australia: Manila Prints, 2011a).

¹⁷ Cf. *Connecting Two Cultures*, 2014a.

¹⁸ Renato Perdon, *Sydney, Aldermen: A Biographical Register of Sydney City Aldermen, 1842-1992* (Sydney: Sydney City Council, 1995).

¹⁹ Perdon, *First Filipino Settlement*, 57.

²⁰ Perdon, *First Filipino Settlement*, 57. 1. Tingnan din, Peter Schreurs, “The Voyage of Fernao de Magalhaes: Three Little-Known Eyewitness Accounts”, *Philippine Quarterly of Culture & Society* 28, blg. 1 (2000): 91-92.

ang mga katutubong Bisaya sa kadahilanang katutubo nga si Enrique.²¹ Nakarating ang ilang mga Pilipino sa isa pang Kastilang kolonya, ang Mexico. Ayon sa liham noong 1619 ni Sebastian de Pineda kay Haring Felipe III, dumagsa ang mga Pilipinong manggagawa sa mayayamang lungsod ng Acapulco, Navidad, at Colima dahil sa umuunlad na kalakalang galyon sa pagitan ng Maynila, Pilipinas at Acapulco, Mexico.²² Dagdag ni Perdon, sinalungat naman ng isa pang tala ang liham na ito ni Sebastian de Pineda. Kinalulugaran na noon pa man ng mga katutubong Pilipino ang Mexico sapul pa noong 1589. Karamihan sa kanila ay mga eksilong kadatuan na ipinatapon sa Acapulco dahil sa malawakang pakikisangkot nila sa pag-aaklas laban sa mga Español.²³ Mas kilala ito bilang Sabwatan ng mga Datu ng Tondo (*Tondo Conspiracy*).

Bagama't kung saan-saan nagtungo ang mga Pilipino, mas itinuoon ni Perdon sa bahaging ito ang talamak na paglilipat ng mga Pilipino sa ibayong dagat noong 1862.²⁴ Ayon sa tala, mayroong isang Pilipinong manlalayag ang minsá'y nakadaong sa Cape Town, South Africa at kinalaunan, nagsimula nang makipamuhay kasama ang ibang mga Pilipinong nagsipagsunod doon dahil sa karangyaan ng lugar.²⁵ Sa Amerika, maraming Pilipino ang bumuo ng pamayanan sa New Orleans, Louisiana; Philadelphia, Pennsylvania; at Boston,

²¹ Bagama't sa ilang tala, sinasabing hindi Pilipino o Cebuano si de Malacca bagkus taga-Sumatra, Indonesia. Isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaunawaan sina de Malacca at ang Cebuanong datu ay dahil sa wikang Malay na noo'y laganap bilang wikang rehiyunal sa ilang bahagi ng Timog Silangang Asya.

²² Benito Legarda, *After the Galleons: Foreign Trade, Economic Change and Entrepreneurship in the Nineteenth-Century Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999), 44-45. Liban pa rito, may ilang mga natatanging akda ang tumalakay sa ugnayan ng Pilipinas at Mexico. Cf. Leslie Bauzon, "Ang Mehiko at ang Pilipinas: Inter-kolonyal na Relasyon (1565-1815)", nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, Zeus Salazar, ed. (Quezon City: University of the Philippines Diliman, 1974-1975), 222-236; Jose Elias Manalatas, *Mga Pagkaing Pilipino Mula sa Mexico at ang Kanilang Kahalagahan sa Kalinangang Pilipino, 1565-1815* (Disertasyon sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2013); at Rudy Guevarra, "Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico", *Journal of Asian American Studies* 14, blg. 3 (2011): 389-416.

²³ Perdon, *First Filipino Settlement*, 57. Matatandaan ang datu sa Tondo na si Pitong Gatang ay ipinatapon nang dalawang taon sa Nueva España (Mexico) pagkatapos siyang dakpin ng mga awtoridad na Español. Cf. Nancy Kimuell-Gabriel, "Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna, 900 M.K.-1588", nasa *Ang SAYSAY ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, Zeus Salazar at Carmen Peñalosa, eds. (Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc. at Pila Laguna: Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010), 160.

²⁴ Perdon, *First Filipino Settlement*, 57.

²⁵ Perdon, *First Filipino Settlement*, 57-58. Pugad pa rin ng mga Pilipinong manlalayag ang South Africa lalo na sa Victoria at Albert Waterfront. Tingnan bilang halimbawa ang obserbasyon ni Rodriguez. Cf. Robyn Magalit Rodriguez, *Migrants for Export: How the Philippine State Brokers Labor to the World* (Minneapolis, London: University of Minnesota Press, 2010), 19-49.

Massachusetts.²⁶ Halos walong taon ang nakalipas, dumaan sa krisis ng sistemang pulitikal at ekonomiko ang Pilipinas bilang kolonya ng España. Kaya't marami sa mga Pilipino ang nagsagawa ng kanilang *diaspora* sa ibang kolonya ng Britanya o sabihin pa, sa iba pang kolonya ng Europa malapit sa Pilipinas. Malaki rin ang naidulot ng *Cavite Mutiny* noong 1872 sa pagkakaroon ng mga eksilong Pilipino sa Guam at Marianas²⁷ at nasundan pa ng mga malawakang pagtakas ng mga bilanggong Pilipino tungo sa Hong Kong, Singapore, Europa, at Australia. Marami sa kanila ang nahumaling sa liberal na sistema ng pamahalaan katulad ng España, France, at Inglatera kaya't mas pinili nila na manatili roon bilang mga eksilo.²⁸

2. Diasporang Pilipino sa Ibayong Dagat ng Australia

Dekada 1860, marami sa mga Timog Silangang Asyano lalo na sa Malay Peninsula, na kinabibilangan ng Indonesia, Malaysia, at Pilipinas, ang nagkaroon ng interes upang magtungo sa hilagang bahagi ng Australia.²⁹ Tumawid sila sa Bass Strait. Nakahikayat sa malawakang paglilipat ng mga Asyano sa iba't ibang bahagi ng Australia ang umuunlad na industriya ng pamemerlas noong 1874 hanggang 1940. Isang masaganang trabaho ang paninisid ng perlas dahil malaking kita ang ipinapasok nito sa pandaigdigang merkado. Sa katunayan, ang nasabing diaspora ng mga Asyanong bansa sa Australia ay binubuo ng limang haligi (*pillars*). Isa sa mga haliging tinutukoy dito ay ang Pilipinas at sinundan ng mga Tsino, Indones, Hapon, at Sinhalese (Sri Lanka).

²⁶ Cf. Nerissa Balce, *Body Parts of Empire: Visual Abjection, Filipino Images, and the American Archive* (Ann Arbor: University of Michigan Press, 2016), 127-158; Christopher Capozzola, "Tracing Filipino Philadelphia in the Pedro Supelana Papers", *The Pennsylvania Magazine of History and Biography* 140, blg. 3 (2016): 426; at Amy Namur, "Louisiana Honors First Filipino Settlement", *ASEAN Matters for America Matters for ASEAN*, Nobyembre 26, 2019, <https://bit.ly/3ktvKuY>.

²⁷ Perdon, *First Filipino Settlement*, 58. Tingnan din, Atoy Navarro, "Philippines-Marianas Relations in History: Some Notes on Filipino Exiles in Guam", *Asian and Pacific Migration Journal* 8, blg. 1-2 (1999a): 117-130; Atoy Navarro, "Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam", nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunang Pagbabago*, Maruja Asis, ed. (Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center, 1999b), 135-153; at Lopaka O'Connor, "America's St. Helena: Filipino Exiles and U.S. Empire on Guam, 1901-03", *Washington University in St. Louis*, Mayo 13, 2020, <https://bit.ly/3kqBN3w>.

²⁸ Perdon, *First Filipino Settlement*, 63.

²⁹ Perdon, *First Filipino Settlement*, 58.

Tinataya noong 1874 nang unang dumating ang mga Pilipino sa Australia. Ito ang panahon ng pagyaman ng industriya sa paninisd ng perlas.³⁰ Unang dumating ang maliit na pangkat ng mga Pilipino sa Northern Territory upang pasukin ang trabahong may kaugnayan sa perlas. Karamihan sa kanila ay nagmula sa Visayas at Mindanao. Gayumpaman, tinatawag pa rin ng mga Australyano na *Manilamen* ang mga manggagawang ito dahil tampok na noon ang Maynila bilang sentro ng kalakalan at komersiyo.³¹ Kasama ang mga *Manilamen* na ito sa unang nagtrabaho sa Port Darwin bilang mga maninisd, mangingisda, at tagagawa ng *pier*. Umaasa ang Port Darwin sa mga Asyanong manggagawa simula pa noong 1910.³² Noong 1915, sa Port Darwin din binuo ng Pilipinong mamemerlas na si Antonio Cubillo ang *Industrial Workers of the World* (IWW), isang lokal na samahan ng mga Pilipinong manggagawa. Lalo pa't hindi pinahihintulutan noon ang sinumang Asyanong mapabilang sa *Australia Workers Union* (AWU).³³

Naganap ang maagang pagdating ng mga Pilipino sa Australia noong huling bahagi ng 1860 o di kaya'y mismong 1877. Sinusugan ni Evans sa kanyang aklat na *Thursday Island* (1972)³⁴ na tinatayang halos pitong daan ang katutubong nakatira sa isla at malayang nakakapagtrabaho noong 1877. Karamihan sa kanila ay mga Pilipino.³⁵ Sa ilang tala, taong 1874 pa nang ganap na magkaroon ng mga Pilipinong maninisd ng perlas sa Torres Strait.³⁶ Sinuportahan din ni Noetke ang ganitong mga istadistika. Ani niya, noon ding 1874 nagluluwas na ng perlas ang mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang pagsimula ng paglawak ng industriya sa pamemerlas na kung saan sangkot ang lakas-paggawa ng mga Pilipino ay naganap noong 1859, kung kailan ang Queensland ay naging hiwalay na estado sa New South Wales.³⁷

Noong 1885, itinala ng pamahalaan ng Thursday Island na mayroon ng 147 na mga Pilipino ang naninirahan sa kabuuang bahagi ng isla. Mas mataas ang bahagdan ng populasyon ng mga Pilipino kung direktang ihahambing sa mga

³⁰ Perdon, *First Filipino Settlement*, 59.

³¹ Philippine Embassy, *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship, A Reference Guide to Philippines-Australia Relations* (Canberra, Australia: Philippine Embassy, 2012), 19.

³² Philippine Embassy, *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship*, 19.

³³ Philippine Embassy, *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship*, 19-20.

³⁴ Cf. Gaynor Evans, *Thursday Island 1878-1914: A Plural Society* (Tesis, University of Queensland, 1972).

³⁵ Perdon, *First Filipino Settlement*, 60.

³⁶ 1870 sa ibang babasahin. Cf. Reynaldo Iletto, "Heriverito Zarcas: The First Filipino-Australian ", nasa *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait*, Anna Shnukal et al., eds. (Australian National University: Pandanus Books, 2004), 125.

³⁷ Perdon, *First Filipino Settlement*, 60.

Hapones.³⁸ Dahil sa lumalaking industriya ng pamemerlas, may ilang Pilipino ang lumipat sa Broome, Western Australia upang doo’y ipagpatuloy ang kanilang hanapbuhay. Sa katunayan, sa pagitan ng mga taong 1879 hanggang 1901, may 99 na mga Pilipino ang nagtatrabaho sa Western Australia noong 1890.

3. Rebolusyong Pilipino sa Ibayong Dagat ng Australia

Nananatili pa rin ang diwang Pilipino laban sa mga Español kahit sila’y naipatapon pa sa ibayong dagat. Nagbibigay sila ng kaginhawaan at kaliwanagan sa mga Pilipinong nasa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsuporta at pagpapalakas sa rebolusyong Pilipino. Mas pinili ng mga Pilipinong ito na isagawa ang naudlot na pakikipaglaban sa labas ng Pilipinas dahil sa natatamang liberalismo at kalayaan dito (*i.e.* España at France).³⁹ Katulad ng mga Europeo, nahumaling din ang mga takas na Pilipino sa Australia partikular na sa New South Wales at Queensland. Naisipi ni Perdon⁴⁰ ang pagkakabanghay ni Ileta sa kanyang aklat na *Discovering Australasia* (1993)⁴¹ na diumano’y ang hilagang bahagi ng Australia ang pinakatampok na destinasyon para sa mga Pilipinong nagsagawa ng diaspora noong 1872.

Hindi lamang sa Maynila nanggagaling ang mga eksilo o takas na kalauna’y magiging bahagi ng malawakang rebolusyon noong 1896 hanggang 1897. Ang ilan sa kanila ay nagmula pa sa Cebu, Leyte, Kalibo, Masbate, Camarines, Marinduque, Vigan, at Iloilo.⁴² Tampok sa mga Pilipinong ito ay sina Candido Iban (Cebu) at Francisco del Castillo ng Capiz. Kinalauna’y sumapi rin sila sa Katipunan at naging pinuno ng sangay. Sina Iban at del Castillo ay mangangalakal ng perlas na lumilibot sa Pilipinas, Borneo, at Australia. Nagpapadala sila ng salapi para sa mga Pilipino upang masuportahan ang rebolusyon.⁴³

³⁸ Kung tutuusin, sinalungat ito ni Yuriko Nagata sa kanyang pag-aaral. Ayon sa kanyang ipinakitang istadistika, 614 ang bilang ng mga Europeo; 385 na Hapon; 79 na Pilipino; 74 na Tsino; 48 na Malayo; 48 na Singalese; at 39 na Aborigines. Tingnan, Yuriko Nagata, “The Japanese in Torres Strait”, nasa *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait*, Anna Shnukal et al., eds. (Australian National University: Pandanus Books, 2004), 139.

³⁹ Perdon, *First Filipino Settlement*, 63.

⁴⁰ Perdon, *First Filipino Settlement*, 63.

⁴¹ Cf. Cf. Reynaldo Ileta at Rodney Sullivan, *Discovering Australasia: Essays on Philippine-Australian Interactions* (Townsville: James Cook, 1993).

⁴² Perdon, *First Filipino Settlement*, 64.

⁴³ Ayon kay E. Arsenio Manuel, ang salaping naipadala nina Iban at del Castillo ay yaong napanalunan nila sa loterya. Sila ay nagbigay ng 400 piso (mula sa 1,000 piso) na kanilang

Itinalaga ni Bonifacio si del Castillo bilang puno ng sangay ng Katipunan sa Capiz at Aklan. Kasama rito si Iban bilang katuwang ni del Castillo. Noong Disyembre 1896, dumating ang dalawa sa Kabisayaan at nanghikayat ng maraming kasapi hanggang Marso 3, 1897.⁴⁴ Namatay si del Castillo habang si Iban ay nagapi ng mga Español at kasama sa *Nineteen Martyrs of Aklan*.⁴⁵

Kung naging tanyag sina Iban at del Castillo noong panahon ng himagsikang Katipunero, naipakilala naman ni Perdon si Heriverto Zarcal sa panahong tinatawag na *Post-Katipunan*. Bagama't katulad ng ilang aspekto, limitado at pahapyaw lamang ang pagkakabanggit sa kanya.⁴⁶

napanalunan sa loterya para sa pagpapalimbag ng mga polyeto sa *Kalayaan*. Sa kanilang pagbabalik sa Pilipinas, nanirahan sila sa Tondo at doo'y nakilala si Procopio Bonifacio na siyang nanghikayat sa kanila ng direktang pakikilahok sa Katipunan. Naisipan nina Iban at del Castillo na bumili kay Antonio Salazar (sa *El Cisne*, Carriedo) ng isang makinarya na ginagamit sa palimbagan. Cf. Reynaldo Iletto, *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998), 122-123. Tingan din, Teodoro Agoncillo, *Revolt of the Masses* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1956), 76 at Iletto, *Heriverto Zarcal: The First Filipino-Australian*, 126.

⁴⁴ Perdon, *First Filipino Settlement*, 67.

⁴⁵ Ang ilan sa mga kilalang Katipunero ay sina Macario Lusco (Lukso) o Papa Ambi (tagapagtatag ng kilusang *Alapaap*) sa bayan ng Tapaz, Capiz, isang dating *pulahan* at binuksan niya ang kanyang bahay para sa mga *agraviados* (kolonisadong Indiong Bisaya); mga iba pang haligi ng Katipunan na sina Mamerto Pajarillo, Juan Arce, at Ruperto Arce; ang iba pang mga Aklanong Katipunero na sina Valeriano Dalida at Albino Ravaria; at mula Romblon na sina Adriano Rios at Higinio Musico. Cf. National Historical Institute, "Nineteen Martyrs of Aklan", nasa *Historical Markers: Regions V-VII* (Manila: National Historical Institute, 1994), 114; Sebastian Sta. Cruz Serag, *The Remnants of the Great Ilonggo Nation* (Quezon City: Rex Bookstore, 1997), 263; Jose Manuel Valmonte, "Ethnicity and the Revolution in Panay", *Kasarinlan* 14, blg. 1 (1998): 77; Vicente Villan, "Kasakupan, Pag-uugnayan, at Pag-iilhan: Isang Paggunita at Pagsasakasaysayan sa Katipunan at Himagsikang Pilipino sa Capiz, 1896-1898", *Saliksik E-Journal* 3, blg. 2 (2014): 182 at 185; at Axle Christien Tugano, "Ang Kababaihan ng Katipunan, Ang Katipunan sa Kababaihan: Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae sa Himagsikang Pilipino", *Saliksik E-Journal* 6, blg. 2 (2017): 42. Ang *Nineteen Martyrs of Aklan* na binitay noong Marso 23, 1987 ay sina Ramon Aguirre, Tomas Briones, Domingo de la Cruz, Claro Delgado, Angel Fernandez, Simon Inocencio, Catalino Mangat, Valeriano Dalida, Alberto Mangat, Valeriano Magunda, Simplicio Reyes, Isidro Jimenez, Maximo Mationg, Canuto Segovia, Gabino Sugcang, Franciso Villorente, Benito Iban, Sabino Yonsal, at ang kanilang lider na si Candido Iban. Ang ilan pa sa mga hindi kilalang Katipunero ay sina Heneral Esteban Contreras ng Barrio Malagit, Pontevedra kasama sina Santiago Billoso, Pascual Barsa, Ramon Contreras, Alejandro Balgos, Nicomedes Bernal, Santiago Blanco, Alejandro Amistoso, Agripino Albalajedo, at Kapitan Damaso Bulaclac. Sa bayan naman ng Pilar, nariyan sina Pio Bonilla, Guillermo Paterno, Ramon Bernas, Ramon Radi, Domingo Bonilla, Jorge Dequina, Felimon Fuentes at Aurelio Matillano. Para sa *Nineteen Martyrs of Aklan*, Cf. Serag, *The Remnants of the Great Ilonggo Nation*, 263 at 266 at National Historical Institute, *Nineteen Martyrs of Aklan*, 114.

⁴⁶ Cf. buhay ni Zarcal kay Jose Victor Torres, "Heriverto T. Zarcal: A Filipino Diplomat in Australia", *Philippine Quarterly of Culture and Society* 22, blg. 1 (1994): 23-36.

PAGPUPUGAY SA AKDA NI RENATO PERDON BILANG AMBAG SA UGNAYANG AUSTRALIA AT PILIPINAS

Batay sa aking pagbasa, ang akdang ito ni Perdon ay maaaring maihanay sa mga naunang pag-aaral at posibleng kakintalan ng kalakasan at kahinaan:

1. Paghahanay ng Akda ni Perdon sa mga Naunang Pag-aaral

Sa aking pagtataya, bukod tangi ang naging pagtatangka ni Perdon na maisakasaysayan ang ugnayan ng Australia at Pilipinas. Masusumpungan ito sa labinlimang kabanata ng kanyang aklat. Ang kanyang kontribusyon ay umalpas sa ilang mga pag-aaral na pahapyaw na dinaplisan ang ugnayang Australia at Pilipinas. Kahit sabihin pang mayroong umusbong na mga babasahin patungkol sa ugnayang pangdiplomasya at pandaigdigang kasunduan,⁴⁷ Pilipinong diaspora,⁴⁸ Kasaysayang Buhay,⁴⁹ at Kasaysayang Kultural,⁵⁰ komprehesibong tinalakay ni Perdon ang samu't saring kasaysayan ng mga Pilipino sa Australia – sa paraang tematiko at kronolohikal.

Gayumpaman, isang mahalagang dulog hindi lamang ang kabanatang ito bagkus ang buong aklat na mismo ang tumugon sa panimulang pagpapakilala sa Australia bilang bahagi ng kasaysayang Pilipino. Sa pangkabuuan, may dalawang primaryang merito ang matatalisod sa nasabing kabanata at aklat.

⁴⁷ Philippine Embassy, *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship, A Reference Guide to Philippines-Australia Relations* (Canberra, Australia: Philippine Embassy, 2012); “*Philippines-Australia Trade Relations*”, inakses noong Setyembre 9, 2020, <https://bit.ly/2GFBdAh>; Rommel Banlaoi, “Broadening Philippine-Australia Defence Relations in the Post 9/11 Era: Issues and Prospects”, *Contemporary Southeast Asia* 25, blg. 3 (2003): 473-488; at Dan Halvorson at Lucy West, “A Retrospective on the Australia-Philippines Political and Security Relationship: On Canberra’s Terms?” *Australian Journal of International Affairs* 22 (2020): 1-21.

⁴⁸ Jose Wendell Capili, *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Diaspora Writers in Australia, 1972-2007* (Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016) at Ferdinand Philip Victoria, “Panimulang Implementasyon ng mga Pilipinong Batas sa Overseas Absentee Voting at Dual Citizenship sa New South Wales, Australya at New Caledonia, 2003-2008”, nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan*, Atoy Navarro et al., eds. (Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2015), 314-335.

⁴⁹ Torres, *Heriverto T. Zarcal: A Filipino Diplomat in Australia*, 23-36 at Ileta, *Heriverto Zarcal*, 123-138.

⁵⁰ Di-banggit, *Towards Full Participation in Australian Society* (1998), 1. Dokumentong ipinagkaloob sa akin ni Rogelia Pe-Pua sa NSW noong Marso 10, 2020 at Rogelia Pe-Pua, *Voice Out: A Conference On, For and By Filipino-Australian Youth, Report* (Rogelia Pe-Pua and Philippine Community Council of New South Wales, 2002).

Una, ikinikintal ni Perdon sa ating kamalayan na hindi lamang magkakabahagi sa usaping heograpikal ang Australia at Pilipinas bilang mga estado sa Asya-Pasipiko. Bagkus, katulad ng ibang kabihasanan, matagal nang nag-uugnay bilang neksus ng mga kultura ang Australia at Pilipinas.

Pangalawa, binago nito ang tradisyunal na pagtingin sa Australia bilang isang destinasyong panturismo lamang. Gumanap nang malaki ang espasyo ng Australia upang maging *ethnos* ng mga Pilipino mula noon hanggang sa kasalukuyang panahon. Tinugunan nito ang pagpapayaman at pagdadalumat sa *Araling Diaspora* bilang isang salik ng Kasaysayang Pilipino.

2. Kalakasang Metodolohikal ng Akda ni Perdon

Sa pagsisipat, kahanga-hanga ang layunin ng kabanatang ito bilang pagsesentro sa hindi napapansing paksa sa kasaysayan at pagpapayabong ng *Area Studies*. Marami sa kanyang mga nabanggit ay bago lamang sa ating kamalayan at hindi tipikal na nababasa sa isang aklat pangkasaysayan. Bilang merito ng kabanata, matibay ang metodolohiya ng aklat sapagkat gumamit si Perdon ng mga mahahalagang batis katulad ng mga ulat at anekdota na kanyang nakuha mula sa mga arkivo. Sa kabuuan, sumangguni si Perdon sa 23 primaryang batis at 174 na ipinagpalagay niya bilang mga sekundaryang batis. Hitik ito sa mga mahahalagang datos katulad ng mga liham, memoranda, *executive order*, telegrama, sertipiko, at iba pa na kanyang nakumpuni mula sa mga arkivo, sinupan, at personal na pagkakaloob kay Perdon. Ilan sa mga ito ay ang *British Parliamentary Papers*, *Historical Data Bank*, at *Queensland State Archives*.⁵¹ Sinangguni rin niya ang walong mga pahayagan sa Australia katulad ng *The Queenslander*, *The Sun-Herald*, *The Sunday Telegraph*, *The Sunday Times*, *The Sydney Mail*, *The Sydney Morning Herald*, *Time*, at *Torres Strait Pilot*.⁵²

Mababakas din ang ganitong metodolohiya maging sa pagsipi ng ilang mga larawan. Naging madali para sa mga mambabasa ang pagharaya sa ilang mga kaalamang ibinabahagi ng kabanata dahil sa pagsipi ng mga mahahalagang pleyt na tila may kahirapan ang pagkalap sa mga ito. Marami sa mga larawan ay sinangguni pa ni Perdon sa arkivo ng *Torres Strait Historical Society*.

Bilang kalakasan, sa pamamagitan ng kabanatang ito, muling nabigyan ng tuon at pagpapahalaga ang tematikong Kasaysayan ng Katipunan.⁵³ Sa

⁵¹ Perdon, *Connecting Two Cultures*, 323.

⁵² Perdon, *Connecting Two Cultures*, 324.

⁵³ Perdon, *First Filipino Settlement*, 62-67.

kadahilanang marami pa ang hindi nasasaliksik sa kabuuang kasaysayan ng mga rebolusyon, nakapag-ambag ang kabanatang ito ng bagong kaalaman hinggil sa kaugnayan ng Katipunan sa ibayong bayan katulad ng Australia. Higit pa rito, muling naipakilala sa balana ang mga hindi kilalang bayani katulad nina Iban at del Castillo— mga Bisayang Katipunero na bumalik sa Pilipinas mula Australia upang makibahagi sa rebolusyon. Liban sa aspektong *Katipunan Studies*, ibinandera ni Perdon ang pagbibigay halaga sa kasaysayan ng malawakang paglilipat o diaspora ng mga Pilipino sa iba’t ibang bahagi ng daigdig. Mayroon itong kaugnayan sa *Migration Studies* o sa mas malalim na disiplina na nag-aaral sa kasaysayan ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Tatahakin ng mga ganitong paksa sa pananaliksik ang makabuluhang pagtingin at pag-apuhap sa ugnayan ng Pilipinas at ibayong dagat. Sa mapanghawang landas ng kabanata, itinuro tayo ni Perdon sa mga posibilidad na paksang maaari pang saliksikin sa usapin ng ugnayang mayroon ang Australia at Pilipinas. Akma ang ganitong mga talastasan sa mga mag-aaral at mananaliksik na nagpapadalubhasa sa mga paksang tumutuon sa diaspora at rebolusyong Pilipino. Kaya’t hindi maaalis ang katotohanang isa ang akdang ito sa nagmistulang *spearhead* na mga akda patungkol sa ugnayan ng Australia at Pilipinas.

3. Kahinaang Teknikal sa Akda ni Perdon

Sa kabila ng pagpupugay ng ilang mga kilalang iskolar, historyador, at prominenteng indibidwal sa kanyang aklat,⁵⁴ tila hindi nabigyan ng kaunting kritisismo at walang nakapansin sa ilang suliranin ng akda. Sa ilang nilalaman ng kabanata, mayroong ilang kaalamang ibinato si Perdon na kinakailangan pang saliksikin at bigyan ng karagdagan kasagutan. Halimbawa, makikita sa pagtatapos ng kabanata, sinambulat ni Perdon ang ganitong katanungan: “*For instance, what was the reason behind the failure of his [Zarcal] diplomatic mission in Australia?*”⁵⁵ Kung lilimiin, isa itong ibininbing katanungan na walang halos kasagutan o rekomendasyon. Marahil isa itong hamong ibinato ni Perdon sa mga mambabasa. Magkagayumpaman, hindi naman niya talaga nabigyan ng linaw at lalim ang nagawang misyong pangdiplomasya ni Zarcal sa Australia katulad ng itinatadhana ng kanyang paksa.⁵⁶ Bagkus sumaliwa ito at tila itinuon ang diskurso sa ekonomikong kasaysayan ni Zarcal sa Australia. Ito rin ang

⁵⁴ Perdon, *Connecting Two Cultures*, 335-339.

⁵⁵ Perdon, *First Filipino Settlement*, 74.

⁵⁶ Cf. Heriverto Zarcal, Aguinaldo’s Diplomatic Agent in Australia. Perdon, *First Filipino Settlement*, 68.

dahilan kung bakit naipakilala sa naunang bahagi ng rebyung ito ang kasaysayan ni Zarcal – bilang pagtugon sa kakulangan ng akda.

Mapapansin din ang kahinaan ng kanyang aklat pagdating sa teknikalidad. Sa kabila ng kanyang paggamit sa 23 na primarya at 174 na sekundaryang batis, hindi masusubok o makukumpirma ng mga mambabasa ang mga sanggunian. Hindi lamang sa kabanata, bagkus sa buong aklat mismo, walang maayos na sitasyon si Perdon sa kanyang mga ibinabatong kaalaman. Mas mapapadali sana sa mambabasa kung nagkaroon ito ng wastong sitasyon. Walang mapanaklong na pagsangguni, walang talababa, o walang talahuli ang makikita sa kabuuang aklat. Mayroon itong negatibong implikasyon para sa mga bumabasa. Bukod sa hindi natutukoy kung anong babasahin ang sinangguni sa bawat kaalaman, binigyan ng limitasyon ang mga mambabasa upang magkaroon ng akses sa pagpapalawig ng kaalaman na sana'y magigiya ng bawat sitasyon. Isa pa, malabong matukoy ng mambabasa kung ang isang kaalaman ay nakasalig sa mga literatura (faktuwal) o kuro-kuro o sapantaha lamang ng mga may-akda.

Hindi rin nagkaroon ng maayos na segregasyon si Perdon sa mga batis na masusumpungan sa kanyang ginawang talasanggunian. Ang ilan sa mga ipinagpalagay niyang sekundaryang batis ay mga primarya. Ilan sa mga napansin ay ang pagkakalebel sa mga akdang pangmanlalakbay ni Richard Haklyut at nina Guillame La Gentil, Joseph Hyacinthe, at Jean Baptiste de la Galaisiere.⁵⁷ Gayundin, ang ekonomikong ulat ni Gregorio Sanciangco tungkol sa Pilipinas.⁵⁸ Sa paghahanay ng mga batis bilang metodolohiya, ang anumang naisulat na ulat, talaarawan, anekdota, at iba pa, anumang wika ang pagkakasalin dito – ay maituturing bilang isang primaryang batas ang isang akdang naisulat ng mismong saksi at gumawa ng kasaysayan.

Gayumpaman, bilang pagtatapos, sa kabila ng ilang suliraning ito, hindi pa rin mapapasubalian ang natatanging ambag ni Perdon sa pagdadalumat nito ng kasaysayan at ugnayan ng Australia at Pilipinas.

⁵⁷ Perdon, *Connecting Two Cultures*, 328-329.

⁵⁸ Perdon, *Connecting Two Cultures*, 332.

BIBLIOGRAPHY

- Agoncillo, Teodoro. *Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1956.
- Amazon. “Renato Perdon”. Inakses: Setyembre 13, 2020. <https://amzn.to/2Rl4r9F>.
- Balce, Nerissa. *Body Parts of Empire: Visual Abjection, Filipino Images, and the American Archive*. Ann Arbor: University of Michigan Press, 2016.
- Banlaoi, Rommel. “Broadening Philippine-Australia Defence Relations in the Post 9/11 Era: Issues and Prospects”. *Contemporary Southeast Asia* 25, blg. 3 (2003): 473-488.
- Bauzon, Leslie. “Ang Mehiko at ang Pilipinas: Inter-kolonyal na Relasyon (1565-1815)”. *Nasa Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malarawang Edukasyon*, ed. Zeus Salazar, 222-236. Quezon City: University of the Philippines Diliman, 1974-1975.
- Capili, Jose Wendell. *Migrations and Mediations: The Emergence of Southeast Asian Diaspora Writers in Australia, 1972-2007*. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016.
- Capozzola, Christopher. “Tracing Filipino Philadelphia in the Pedro Supelana Papers”. *The Pennsylvania Magazine of History and Biography* 140, blg. 3 (2016): 426-428.
- Di-banggit. *Towards Full Participation in Australian Society*. New South Wales, Australia, 1998.
- Evans, Gaynor. *Thursday Island 1878–1914: A Plural Society*. Tesis, University of Queensland, 1972.
- Guevarra, Rudy. “Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico”. *Journal of Asian American Studies* 14, blg. 3 (2011): 389-416.

- Halvorson, Dan at Lucy West. "A Retrospective on the Australia-Philippines Political and Security Relationship: On Canberra's Terms?" *Australian Journal of International Affairs* 22 (2020): 1-21.
- Ileto, Reynado at Rodney Sullivan. *Discovering Australasia: Essays on Philippine-Australian Interactions*. Townsville: James Cook, 1993.
- Ileto, Reynaldo. "Heriverto Zarcal: The First Filipino-Australian". Nasa *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait*, eds. Anna Shnukal, Guy Ramsay, at Yuriko Nagata, 123-138. Australian National University: Pandanus Books, 2004.
- _____. *Filipinos and their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna, 900 M.K.-1588". Nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, eds. Zeus Salazar at Carmen Peñalosa, 113-167. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc. at Pila Laguna: Pila Historical Society Foundation, Inc., 2010.
- Legarda, Benito. *After the Galleons: Foreign Trade, Economic Change and Entrepreneurship in the Nineteenth-Century Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999.
- Magalit Rodriguez, Robyn. *Migrants for Export: How the Philippine State Brokers Labor to the World*. Minneapolis, London: University of Minnesota Press, 2010.
- Manalastas, Jose Elias. *Mga Pagkaing Pilipino Mula sa Mexico at ang Kanilang Kahalagahan sa Kalinangang Pilipino, 1565-1815*. Disertasyon, University of the Philippines, Diliman, 2013.
- Nagata, Yuriko. "The Japanese in Torres Strait". Nasa *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait*, eds. Anna Shnukal, Guy Ramsay, at Yuriko Nagata, 138-159. Australian National University: Pandanus Books, 2004.

Namur, Amy. "Louisiana Honors First Filipino Settlement", *ASEAN Matters for America Matters for ASEAN*, Nobyembre 26, 2019, <https://bit.ly/3ktvKuY>.

National Historical Institute (NHI). "Nineteen Martyrs of Aklan". Nasa *Historical Markers: Regions V-VII*, awt. National Historical Institute, 114. Manila: National Historical Institute, 1994.

Navarro, Atoy. "Philippines-Marianas Relations in History: Some Notes on Filipino Exiles in Guam". *Asian and Pacific Migration Journal* 8, blg. 1-2 (1999a): 117-130.

_____. "Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam". Nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunang Pagbabago*, ed. Maruja Asis, 135-153. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center, 1999b.

O'Connor, Lopaka. "America's St. Helena: Filipino Exiles and U.S. Empire on Guam, 1901-03", *Washington University in St. Louis*, Mayo 13, 2020, <https://bit.ly/3kqBN3w>.

Pe-Pua, Rogelia. *Voice Out: A Conference On, For and By Filipino-Australian Youth, Report*. Rogelia Pe-Pua and Philippine Community Council of New South Wales (PCCNSW), 2002.

Perdon, Renato. *'The Ethnic Ensemble', Haylaya: Celebration After Spiritual Renewal*. Metro Manila: The Presidential Commission for the Rehabilitation and Development of Southern Philippines, 1980.

_____. *The Preservation of Traditional Culture for National Identity in the Philippines: Problems and Issues in Cultural Heritage Conservation*. Honolulu, Hawai'i, 1985.

_____. *Sydney, Aldermen: A Biographical Register of Sydney City Aldermen, 1842-1992*. Sydney: Sydney City Council, 1995.

_____. *English-Filipino Word Book*. Sydney, Australia: Manila Prints, 1996.

- _____. *Brown Americans of Asia*. Sydney: Fast Books, 1998.
- _____. *Pocket Tagalog Dictionary: Tagalog-English English-Tagalog*. Periplus Editions, 2005.
- _____. *English-Filipino Wordbook: Technical and Business*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2007.
- _____. *Learning and Speaking Filipino*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2008.
- _____. *Footnotes to Philippine History*. Universal Publishers, 2010.
- _____. *The Life and Times of the Perdon Family*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2011a.
- _____. *Understanding Jose Rizal*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2011b.
- _____. *Kulturang Pilipino*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2012.
- _____. *Connecting Two Cultures: Australia and the Philippines*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2014a.
- _____. *Essential Tagalog: Speak Tagalog with Confidence*. Tuttle Publishing, 2014b.
- _____. *Making Out in Tagalog: A Tagalog Language Phrase Book*. Tuttle Publishing, 2016a.
- _____. *The Americanization of Filipinos*. Sydney, Australia: Manila Prints, 2016b.
- Philippine Embassy. *The Philippines and Australia: A True and Steadfast Friendship, A Reference Guide to Philippines-Australia Relations*. Canberra, Australia: Philippine Embassy, 2012.
- Presidential Broadcast Staff Radio Television Malacañang. "Philippines-Australia Trade Relations". Inakses: Setyembre 9, 2020. <https://bit.ly/2GFBdAh>.

- Ramsay, Guy. "The Chinese Diaspora in Torres Strait: Cross-Cultural Connections and Contentions on Thursday Island". Nasa *Navigating Boundaries: The Asian Diaspora in Torres Strait*, eds. Anna Shnukal, Guy Ramsay, at Yuriko Nagata, 53-80. Australian National University: Pandanus Books, 2004.
- Schreurs, Peter. "The Voyage of Fernao de Magalhaes: Three Little-Known Eyewitness Accounts". *Philippine Quarterly of Culture & Society* 28, blg. 1 (2000): 90-109.
- Serag, Sebastian Sta. Cruz. *The Remnants of the Great Ilonggo Nation*. Quezon City: Rex Book Store, 1997.
- Torres Jose Victor. "Heriverto T. Zarcal: A Filipino Diplomat in Australia". *Philippine Quarterly of Culture and Society* 22, blg. 1 (1994): 23-36.
- Tugano, Axle Christien. "Ang Kababaihan ng Katipunan, Ang Katipunan sa Kababaihan: Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae sa Himagsikang Pilipino". *Saliksik E-Journal* 6, blg. 2 (2017): 97-154.
- Valmonte, Jose Manuel. "Ethnicity and the Revolution in Panay". *Kasarinlan* 14, blg. 1 (19898): 75-96.
- Victoria, Ferdinand Philip. "Panimulang Implementasyon ng mga Pilipinong Batas sa Overseas Absentee Voting at Dual Citizenship sa New South Wales, Australya at New Caledonia, 2003-2008". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapaligiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan*, eds. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel at Vicente Villan, 314-335. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2015.
- Villan, Vicente. "Kasakupan, Pag-uugnayan, at Pag-iilihan: Isang Paggunita at Pagsasakasaysayan sa Katipunan at Himagsikang Pilipino sa Capiz, 1896-1898". *Saliksik E-Journal* 3, blg. 2 (2014): 169-213.